RESEARCH ARTICLE

# PILOSOPIYANG PANG-EDUKASYON NI RIZAL: ISANG PILOSOPIYANG PILIPINO SA EDUKASYON

Guillermo Q. Roman, Jr., Wensley M. Reyes,
Minda C. Valencia, at Nerissa S. Tantengco

**ABSTRAK**

*Tumutukoy ang pilosopiyang pang-edukasyon sa isang kaisipang gumagabay sa mga patakarang pang-edukasyon. Sa pangkabuuan, mahalaga ang pagkakaroon nito lalo't higit sa panahon ng globalisasyon -- nararapat na ang isang bayan ay may sinasandigang pilosopiyang pang-edukasyon upang hindi ito madaling masilab sa nagbabagong daloy ng panahon. Sa katunayan, ipinunla ng pambansang bayani, Dr. Jose Rizal (1861-1896), ang mga kaisipang patungkol sa edukasyon na dapat tahakin ng kanyang bayan. Hangad ng papel pananaliksik na ito na siyasatin at ihayag ang nawaglit na Pilosopiyang Pang-edukasyon ni Rizal na maituturing na isang Pilosopiyang Pilipino sa edukasyon.*

**Mga Susing Salita**: edukasyong Filipino, Rizal, pilosopiyang pang-edukasyon

**PANIMULA**

Si Dr. Jose Rizal, ang dakilang indibidwal na nag-alay ng buhay para sa sambayanang Pilipino, ay may malinaw na pilosopiyang pang-edukasyon. Bagama't sa aspektong pampulitika kikilalanin ang kanyang mga kontribusyon, hindi naman matatawaran ang yaman ng kanyang pilosopiya kung sa larangan ng edukasyon ang tatalakayin. Sa katunayan mas mabibigyang kabuluhan ang kanyang mga ideya kung maiuugnay ito sa kanyang pilosopiya

kaugnay ng edukasyon.

Napakalaki ng pagpapahalaga ni Rizal sa edukasyon. Hindi lamang nagpapalaya ang edukasyon, bagkus nagbibigay kapangyarihan sa isang indibiwal at sa bayan sa kabuuan. Ang uri ng edukasyon na kanyang ipininanukala sa kanyang mga sulatin at proyekto ay mas malalim kaysa sa nalalaman ng nakakarami. Isa itong uri ng edukasyon na gumagabay sa indibidwal na pagyamanin ang kaalaman at sariling kakayahan. Ito rin ang edukasyon na naglalayon ng ikabubuti ng sambayanan at tumutugon sa mga isyung panlipunan.  Mahalagang ambag sa unibersal na pilosopiyang pang-edukasyon ang pilosopiya ni Rizal tungkol sa edukasyon.

## PAGLALAHAD NG SULIRANIN AT LAYUNIN

Inihayag ni Rizal sa pamamagitan ng kanyang mga isinulat, ang mga konsepto at mga ideyang magagamit para sa isang makabuluhang edukasyong Filipino. Mahalagang pag-aaralan at dalumatin ang kanyang mga ideya upang higit maunawaan na ang konseptong edukasyon ang pinakamahalagang elementong nagpapaunlad sa isang indibwal at sa bayan.

Bagaman't madalas banggitin at isipin, ang mga ideya ni Rizal tungkol sa edukasyon, hindi tahasan at malalimang tinatalakay ang mga ito ng mga akademiko at mga pilosopo. Layunin ng kasalukuyang pananaliksik na tukuyin ang kaisipan at ihayag ang konkretong pagtingin ni Rizal sa edukasyon batay sa kanyang mga naisulat at ginawa. Sa madaling sabi, ang sagutin ang tanong na "Ano ang pilosopiya ni Rizal tungkol sa edukasyon?"

## TEORETIKAL NA BALANGKAS NG PANANALIKSIK

Upang masipat nang mabuti ang pilosopiya ni Rizal tungkol sa edukasyon, gumamit ang pangkat ng teoretikal na balangkas para sa pag-aaral na ito. Tumutukoy ang balangkas sa prosesong magpapalitaw sa pilosopiyang pang edukasyon na nakaugat sa akda at sa mga ginawa ni Rizal. Sa pangkalahatan, muling binasa

at hinimay- himay ang mga pangunahing akda at karanasan ni Rizal nang mahugot mula sa mga ito ang mga ideya niyang kaugnay ng edukasyon. Ang masinop na pagdadalumat ng kanyang mga akda at sinulat ay magbibigay ng nilalaman sa pagtuklas ng isang pilosopiyang pang-edukasyon ng pambansang bayani.

**MGA KAUGNAY NA PAG-AARAL**

Kung babalikan ang mga akda tungkol sa pambansang bayani, hindi maitatanggi ang dami ng mga aklat na tumatalakay sa kanyang buhay. Ngunit sa maraming talambuhay na naisulat, ang ilang mga akda ang mga depenitibo: tuwiran, malinaw at tiyakan. Kabilang sa mga ito ang *Rizal, Philippine Nationalist and Martyr* (1968) ng Briton na si Austin Coates*; José Rizal, Filipino Doctor and Patriot* (1981) ni Baron Fernandez; *José Rizal: Life, Works and Writings of a Genius, Writer, Scientist and National Hero* (Centennial Edition)(1999) ng mag-amang sina Gregorio at Sonia Zaide; at ang nagwagi sa patimpalak sa pagsusulat ng talambuhay noong sentenaryo ng kapanganakan ni Rizal na si Léon Ma. Guerrero para sa kanyang *The First Filipino, A Biography of José Rizal* (1963).

Gayundin, maraming manunulat tungkol kay Rizal ang may hangarin na hikayatin ang kabataan na dakilain ang kanyang buhay at gawin siyang huwaran. Kabilang rito ang mga akda gaya ng *Rizal in Saga A Life for Student Fans* (1996) ni Nick Joaquin o ang sinulat ni Napoléon Almonte, *Rizal is My President: 40 Leadership Tips from José Rizal* (2009).

Samantala, may mga akda na malinaw na tinalakay ang kaisipang pang-edukasyon ni Rizal. Noong dekada 20, isinulat ni Camilo Osias ang *Rizal and Education* (1921). Dito inihayag niya ang ilang mga pilosopiyang napakahalaga ng edukasyon sa pagpapalaya ng sambayanan: "*Rizal strongly believed in popular education. He repeatedly gave vent to the ideas that prove great desire for the enlightenment of the masses. Allusion has already been made to the fact that Rizal considered education as a pre-requisite to the liberation of his people*" (17, 18). Noong 1960, sa artikulo ni Frank C. Laubach na nailathala sa Historical Bulletin, isinulat niya ang

pangkalahatang pananaw ni Rizal tungkol sa edukasyon. Kanyang banggit - "*Very early Rizal began to believe that the hope of his country lay in education… Rizal's entire life was devoted to an educational program.*" (p.2). Dagdag pa niya ang ilang intelektuwal na nag-aral ng pananaw ni Rizal sa edukasyon:

> *Professor Claudio and Dr. Osias…found his educational ideas very modern…. He demanded healhtful (sic) school buildings, regularity and punctuality in attendance, moral suasion instead of corporal punishment, physical education, and attention to children's health, subject matter useful for life, teaching through projects, adult education, and especially constant education of the teacher himself. (p.3)*

Isang artikulo na isinulat ni Floro Quibuyen (2011) na may pamagat na "Rizal's Legacy for the 21st Century: Progressive Education, Social Entrepreneurship and Community Development in Dapitan" ang tumalakay sa mga ambag ni Rizal, habang siya ay nasa malayong lugar ng Mindanao. Pahayag ni Quibuyen na sa Dapitan: "*Rizal was both doctor and community worker, and a pioneer educator to boot!*" (19). Binigyang-diin niya rito ang mga isinagawa ni Rizal sa bayan gayundin ang kanyang kontribusyon sa larangan ng edukasyon.

> *In his four years in Dapitan, Rizal played multiple roles: doctor, social worker, farmer, social entrepreneur, public works engineer, town planner, school founder, teacher and scientist. He worked with the people as a civic volunteer, for he was unwaged and without an official title. Whatever earnings he made from his social entrepreneurship and from his wealthy patients went to the upkeep of his household, school and hospital. He took to his tasks with vigor and vitality—mindful that they were all part of his pledge to do everything he could for Dapitan. Rizal's four years there are unparalled in the history of the Philippines, if not Southeast Asia. (p.18)*

Ngunit para kay Quibuyen ang pinakamahalagang pamana ni Rizal ay ang pagtatatag niya ng paaralan na progresibo para sa kanyang panahon. "Progressive education is perhaps Rizal's greatest legacy in Dapitan. In his Talisay school, Rizal pioneered what are now extolled as "school-based management" and 'community-based education…'" (p. 19)

## PAMAMARAAN SA PAG-AARAL/ METODOLOHIYA

Nilalayon ng pag-aaral na ito na talakayin at suriin ang mga sinulat ni Dr. Jose Rizal na may kinalaman sa edukasyon na maituturing bilang pilosopiyang Pilipino sa edukasyon. Upang maisagawa ito, ginamit ang pamamaraang kwalitatibo kagaya ng "document o content analysis" sa pananaliksik. Pinahalagahan ang mga datos tungkol sa edukasyon na nakuha mula sa iba't ibang sinulat ni Rizal sa kanyang mga magulang, kapatid, ibang kamag-anak at mga kaibigan. Naging saligan ang mga pangunahing nobela ni Rizal, mga artikulong naisulat, mga liham, tula, sanaysay at iba pang akda sa pag-aaral na ito. Mula sa mga datos na nabanggit, hinimay- himay ang kanyang pilosopiyang pang-edukasyon. Higit sa lahat, buhat sa kanyang mga akda at nobela sa pagsusuri sa kanyang mga isinulat, ipinahayag ang mga saloobin at ideya patungkol sa edukasyon.

Sinimulan ang pananaliksik sa pamamagitan ng pagsipi ng mga tala patungkol sa edukasyon. Sinundan ito nang paglalagay ng mga anotasyon at pagkakategorya ng mga magkahalintulad na ideya. Tinipon at pinagsama-sama ang mga magkakaugnay na tema upang mapalitaw ang mga namumukod tanging kaisipin hinggil sa edukasyon. Sa huli, sa pamamagitan ng pagsusuri at masinop na paghimay sa mga ideya ni Rizal, tinukoy ng papel ang pangunahing pilosopiyang maituturing na pang- edukasyon ni Rizal.

## PAGTALAKAY SA RESULTA NG PANANALIKSIK

Maraming aspektong pang-edukasyon ang natutuhog ng pilosopiya ni Rizal. Sa pagsusuri ng kanyang buhay at mga isinulat lumilitaw ang mga ito, bagaman higit na inuugnay ang mga ito sa

mga gawaing pulitikal at subersibo. Mahihimay lamang ang kanyang pilosopiyang pang-edukasyon kung mapag-uugnay ang mga ideya niya mula sa kanyang mga akda at mabibigyang saysay ang mga proyekto at saloobin. Sa pagtalakay sa mga ito, ang mga datos mula sa kanyang mga isinulat at mga aktwal na karanasan ang naging batayan sa pagtukoy sa kanyang pangkalahatang pilosopiya at mga kaugnay na kaisipan tungkol sa edukasyon. Sinuri ang kanyang mga naisulat na kinabibilangan ng kanyang dalawang pangunahing nobela, ang *Noli Me Tangere* at *El Filibusterismo*, at ang mga artikulo at mga liham. Mahalaga ring datos ang pagsusuri ng mga pangyayari sa kanyang buhay na may kaugnayan sa edukasyon

**Pangkalahatang Pilosopiyang Pang-edukasyon ni Rizal**

Pagkatapos lagumin at tingnan sa kabuuan ang maraming kaisipan ni Rizal tungkol sa edukasyon ay isang bagay ang nagtutumining: ***ang paaralan ang saligan ng lipunan at ang lipunan ang salamin ng paaralan.*** Ito ang nangingibabaw na pangkalahatang pilosopiyang pang-edukasyon ni Dr. Jose Rizal.

Malinaw na ipinapahayag ang napakalaking pagpapahalaga ni Rizal sa edukasyon at sa kaugnayan nito sa lipunan sa bahagi ng nobelang *Noli Me Tangere* patungkol sa pagtatayo ng paaralan ng bayan ng San Diego. Ang proyektong pagtatayo ng paaralan sa kanyang bayan ang natatangi, kaisa-isa at pinakamahalagang proyekto ni Crisostomo Ibarra, ang pangunahing tauhan sa nobela. Isa sa pinakatampok ng palatuntunan sa pagtatayo ng paaralan ang talumpati ng Alkalde ng San Diego habang inilalagay ang panulukang bato ng itinatayong paaralan. Narito ang mahalagang bahagi ng pananalita ng alkalde tungkol sa paaralan at lipunan:

> "Itatayo dito ang isang eskuwelahan. Ang eskuwelahan ang batayan ng isang lipunan, ang eskuwelahan ang librong kasusulatan ng kinabukasan ng mga mamamayan! Ipakita sa amin ang eskuwelahan ng isang bayan at sasabihin naming kung ano ang uri ng bayan iyon."(Noli, Kabanata 32)

Sapagkat si Rizal ang may-akda ng nobela maliwanag na kumakatawan ang mga pahayag ng alkalde sa mga kaisipang nais iparating ng dakilang bayani sa ating lahat- ang kahalagahan ng edukasyon at ang mahigpit na pagkakaugnay ng edukasyon sa lipunan sa pamamagitan ng paaralan. Ang napakalaking pagpapahalaga ni Ibarra sa edukasyon ng kanyang mga kababayan ay siya ring mithiin at layunin ng dakilang bayaning Filipino. Sa katunayan, ang pagtatayo ng paaralan (Jose Rizal: ang pinakamataas na aspirasyon ni Rizal, Blumentritt Correspondence, 2011).

Ang paaralan ang pisikal na kumakatawan sa edukasyon. Ang paaralan ang institusyon ng lipunan upang magplano, magbahagi, magpalaganap at magpaunlad ng edukasyon sa lipunan. Kapag sinabing ang paaralan ang saligan ng lipunan, para na ring sinabi na ang edukasyon ng isang bayan ang saligan ng bayang iyon. Ang kabuuang natatamo ng bayan sa aspekto ng kultura, pulitika, kabuhayan, pag-uugali at kaasalan, ay direktang resulta ng impluwensya ng paaralan sa lipunan. Tumatagos ang ideyang ito hanggang sa kanyang *El Filibusterismo*. Bukod sa tampok sa paghihiganti ni Simoun, uminog ang nobela sa mga kwento ng mga karakter na may kaugnayan sa paaralan – mga namamahala, estudyante, mga pananaw, patakaran at pagmuni-muni sa iba't ibang aspektong pang-edukasyon at panglipunan.

**Ang Edukasyon para kay Rizal: Tanglaw ng Lipunan**

Itinuring ni Rizal ang edukasyon bilang tanglaw ng bayan. Nagsisilbi itong ilaw ng bawat tao upang makita niya ang daan at makapunta siya sa kanyang paroroonan. "*Hangad ko ang kaniyang kabutihan, kaya ako nagtatayo ng paaralan. Hinahanap ko ang kanyang kabutihan sa pamamagitan ng pagtuturo, sa progresibong paghakbang. Kung walang liwanag, walang landas.*" (*Noli Me Tangere*, Kabanata 51) Mapapatingkad pa ito ni Rizal nang kanyang sulatan ang mga dalaga ng Malolos. Pansinin:

> Halimbawa baga ang isang amang nagbigay sa bawat isang anak ng kani-kaniyang tanglaw sa paglakad sa dilim. Paningasin nila ang liwanag ng

> ilaw, alagaang kusa at huwag patayin, dala ng pag-asa sa ilaw ng iba, kundi magtulung-tulong magsanggunian, sa paghahanap ng daan. (Kababaihang Dalaga ng Malolos, 1899)

Inihahambing din ang paggabay ng liwanag sa paghahanap ng katotohanan. Ayon sa kanya nakatutulong ang edukasyon sa paghanap ng katotohanan, isang kaisipang mababanaag sa pahayag ni Pilosopo Tasyo:.

> Sa kabilang dako, ang salinlahing babasa ng mga titik kong ito ay isang salinlahing marunong, mauunawaan ako, at sasabihing: 'Hindi lahat ay natulog sa gabi ng ating mga ninuno! Ililigtas ang aking akda ng mahiwaga o kakatwang mga titik na ito laban sa kamangmangan ng mga tao, tulad ng hiwaga at mga kakaibang pagsamba na nagligtas sa maraming katotohanan mula sa kamay ng mapangwasak na mga uring saserdote. (*Noli*, Kabanata 26)

May malinaw na mensahe sa kahalagahan ng katotohanan maging ang pag-uugnay sa kuwento tungkol sa gamu-gamo na kanyang natutunan noong bata pa siya. Sa kuwentong ito, nakita ng batang si Rizal ang pagkasunog ng gamu-gamo nang sumugba ito sa sindi ng gasera. Para sa kanya, namatay ito hindi dahil sa pagsuway o kalikutan kung hindi dahil sa paghahangad sa liwanag. Sa pilosopikal na pananaw, naniniwala siya na may mga taong handang mamatay para sa katotohanan, sapagkat ang liwanag ang katotohanan.

Mahalaga ang papel ng edukasyon para sa pagbabago at pag-unlad ng tao bilang indibidwal at bilang kasapi ng lipunan. Makakamit lamang ang tunay na pagbabago sa pamamagitan ng edukasyon. Itinuturing din niya ang edukasyon bilang sandigan ng pagkatao na magagamit ng isang tao upang siya ay maging matagumpay. Dahil dito, maituturing ang edukasyon na higit pa sa kayamanang materyal. Ipinayo nga ni Elias kay Basilio -- "Pagkatapos, kung walang dumating…Humukay ka dito, makatatagpo ka ng maraming ginto…at magiging iyo lahat. Mag-

aral ka!" (*Noli*, Kabanata 64).

Umaalingaw-ngaw din naman ang kaisipan ito sa isang liham ni Rizal:

> Ang kamangmanga'y kaalipinan, sapagkat kung ano ang isip ay gayun ang tao: ang taong walang sariling isip, ay taong walang pagkatao; ang bulag na taga sunod sa isip ng iba, ay parang susunod-sundo sa tali. (Sa Mga Kababayang Dalaga sa Malolos, 1889)

**Tunguhin ng Edukasyon: Paunlarin ang Kaisipan, Likhain ang Lipunan**

Masusing natalakay sa pag-uusap ng estudyanteng si Isagani at ni Padre Fernandez sa *El Filibusterismo* ang kaugnayan ng edukasyon, lipunan at kabataan. May malaking paghanga at paggalang si Isagani kay Padre Fernandez; gayon din si Padre Fernandez kay Isagani. Ipinatawag ng una ang huli upang alamin kung totoo ang protesta ng mga estudyante laban sa desisyon ng Komisyon ng Edukasyon. Inamin ni Isagani na tutol at masakit ang loob ng mga estudyante sa inaprubahang proyekto dahil ang mga estudyante na nagbalak ng proyekto ay ginawa lamang tagakalap ng kontribusyon sa halip na tagapangasiwa ng proyekto.

Sa pag-uusap na iyon, kinakatawan ni Isagani ang mga estudyante at ang sambayanang Filipino sa pagpapahayag ng mga kaisipan at aspirasyon tungkol sa edukasyon. Si Padre Fernandez naman ang kumakatawan sa mga propesor at mga pinuno ng edukasyon. Buong tapang na ipinahayag ni Isagani ang paniniwala at saloobin ng sambayanang Filipino na pananagutan ng mga prayle bilang mga pinuno ng edukasyon na pagbutihin ang kaisipan at pangangatawan ng kabataan; sanayin sila tungo sa pagtatamo ng kaligayahan; makalikha ng sambayanang matapat, marangal, maunlad, matalino, mabuti at dakila." (*El Filibusterismo*, Kabanata 27). Malinaw na ipinakita ni Rizal na dapat aktibo at kasama ang sektor estudyante at iba pang mahalagang sektor ng mga mamamayan sa pagtatakda ng mga tunguhin ng edukasyon at sa pagsasagawa nito para sa pagkakaroon ng lipunang minimithi ng

sambayanan.

Kung si Rizal ang pinaniniwalaang tagapagtaguyod ng edukasyon, makabuluhang itanong din na 'Anong uri ng edukasyon ang nais ni Rizal?' Sa pagtatasa sa kanyang mga naisulat, nagtataguyod siya ng isang uri ng edukasyong tumutugon sa pangangailangan ng bayan, siyentipiko, pantao at makatao, mapagpalaya at nagpapalaya.

Nang nagplano si Rizal na magtayo ng isang paaralan, malinaw para sa kanya ang layunin at tunguhin nito -- ang paaralang kanyang bubuuin ay huhulma at pag-aaraling mabuti ang mga estudyante para makatugon sa hamon ng panahon. Kanyang isinulat sa *Prospectus of Colegio Moderno* na: *The Purpose of this institustion is to form and educate young men of good family and means in accordance with the demands of modern times and circumstances* (Rizal Micesllaneous Writings, 141). Nakapaloob din sa kanyang akda ang malinaw na mga paksang dapat aralin ng estudyante kabilang ang moral, matematika, kasaysayan, mga wika at pagpapalakas ng pangangatawan.

Karampatan lamang na nakatuon sa pangangailangan ng bayan upang umunlad ito. Batay sa kanyang obserbasyon, maraming propesyonal ang walang trabaho o kung may trabaho man ay mas mababa sa kanyang natapos na kurso at pinuna din niya ang pagkakaroon ng maraming nagsisipagtapos ng kurso, kahit walang kalidad (*Fili*, Kabanata 15). Dagdag pa niya na kapwa mahalaga ang edukasyong pang- agham at ang edukasyong pantao (*humanities*).

Sa isang tagpo sa *El Filibusterismo*, ang pag-uusap ni Simoun at Basilio, iginiit ng huli ang kahalagahan ng siyensya sa pag-unlad at pagbubuklod ng lahat ng tao bilang mamamayan ng daigdig. Hindi naman tutol si Simoun sa kahalagahan ng syensya sa pag-unlad ng lipunan, ngunit para sa kanya, dapat munang mauna ang edukasyong makatao, "kailangang munang maging malaya ang tao saan man pumunta...kailangang matuto siyang gumalang sa karapatan ng iba..." (El Filibusterismo, Kabanata 7). Kaugnay ito ng payo ni Don Rafael Ibarra kay Crisostomo na dapat din niyang pag-aralan ang agham ng buhay (Noli, Kabanata 7).

Marami ring katangi-tanging kaisipan si Rizal tungkol sa kurikulum. Sa kanyang ikalawang nobela naging mas matingkad ang mga usapin tungkol sa edukasyon. Pinuna niya ang pagkakaroon ng mga kursong popular, madali at malaki ang kita. Sa pamamagitan ni Isagani ay ipinahayag niya ang pagtutol sa sinabi ni G. Pasta na labis na ang mga abugado at mga doktor at higit na kailangan ang mga magsasaka at mga manggagawa. Para kay Isagani, bukod sa mga magbubukid at mga manggagawa, kailangan din ang mga doktor at abugadong Filipino kasabay ng paglilinaw na kailangan din ng mga magsasaka at mga manggagawa ang pag-aaral ng syensya upang "mapabuti ang kanilang sarili at ang kanilang gawain" (*Fili*, mga Kabanata 15 at 27).

Mahalaga para kay Rizal ang Kasaysayan, Agham, at Wika (*Noli*, Kabanata 54). Ngunit binigyang diin niya na ang tama at kailangang pahalagahan ng edukasyon ang kabutihang asal, dangal, pagmamahal sa kapwa at sa bayan, pagtupad ng tungkulin, paraan ng pag-aaral at paglutas ng problema (Sa mga Kababaihan ng Malolos). Mahalaga rin ang pagkakaroon at paggamit ng sariling wika para sa edukasyong malaya at nagpapalaya. Wika ni Simoun:

> "Ano ang gagawin ninyo sa wikang Kastila, kayong iilan na gagamit nito? Patayin ang sariling katutubo; ipailalim ang inyong sariling isipan sa ibang pag-iisip at sa halip na kayo ay maging malaya ay gawing lubos ang inyong pagkaalipin? ... "Nalilimutan ninyo na habang napag-iingatan ng isang bayan ang kaniyang wika ay angkin niya ang sagisag ng kanyang kalayaan. Ang wika ay diwa ng bayan. (Fili, Kabanata 7)

Bahagi ng pagsusulong ng edukasyong pantao at makatao ang edukasyong malaya at nagpapalaya. Idiniin sa talumpati ni Rizal noong 1988 sa isang pagtitipon ng mga Mason sa Madrid:

> Ang tungkulin ng makabagong tao ay ang pagpapalaya sa sangkatauhan. Hindi makakalaya ang sangkatauhan habang may mga tao na

> nabubuhay sa takot, habang may mga isipang nilulumpo at mga matang binubulag... hindi makakalaya ang sangkatauhan habang ang katuwiran ay nakabilanggo, habang ang mga kapritso ay batas at inaalipin ng mga bansa ang ibang mga bansa... (*Agham, Kaasalan at Paggawa*, talumpati ni Rizal sa Solidaridad Lodge, Madrid, 1989)

Isinulong ni Rizal ang uri ng edukasyong makabayan at makabansa. Kailangang nagsusulong ito ng mga adhikain at gawain para sa ikabubuti ng sambayanan. Ang pagpaunlad sa kaisipan ng bawat isang mamamayan ay magiging susi sa lubusang pagtuklas ng mga bagong karunungan na magiging gabay sa lalong ikabubuti nito. Samakatwid, kailangang gumanyak at maglinang ang edukasyon ng isang malayang pag-iisip upang maging sandigan sa hinaharap o kinabukasan. Daan ang edukasyon upang mawala ang kamangmangan at makalaya sa tanikala ng opresyon ng mga nananakop na mga dayuhan. Susi rin ito upang umunlad ang buhay at estado ng mga tao.

Ang edukasyong pantao at makatao ay dapat nakatuon at kumikilos para sa pagpapabuti ng kalagayan at kalikasan ng isang tao. Gumagalang at nagbibigay ito ng respeto sa dignidad at karapatang pantao ng isang indibidwal at kanyang kapwa tao. Sinasalamin nito ang pantay na kalayaan ng bawa't isang indibidwal anumang kulay, etnisidad at kasarian siya nabibilang. Binibigyan ang bawa't tao ng kalayaan na ipakilala ang kanyang galing at talino sa anumang larangan. Binibigyan diin nito ang pagpuri sa kagalingan ng isang lahing Filipino at taas noong ipagmamalaki ang kagalingan nito. Kaya, dapat maghangad ang edukasyon sa mga tao ng lubusang pagsisikap para sa pagpapaunlad ng kanyang sariling buhay, pamumuhay at kinabukasan.Ito ang itinuturing na mahalagang saligan ng isang lipunan tungo sa pagsulong at pag-unlad nito.

## Mga Aspekto ng Pilosopiyang Pang-edukasyon ni Rizal

### *Ang Indibidwal bilang Mag-aaral*

Ang indibidwal ang pangunahing yunit ng pagkatuto. Kaya't nararapat na bigyan ito ng kaukulang pagpapahalaga. Isang tampok na ideya ni Rizal na may kakayahang matuto ang tao at likas sa kanya na tuklasin, linangin at gamitin ang kanyang talino. Kaugnay nito, naniniwala si Rizal na may likas na talino ang bawat tao na napapaunlad, kung mabibigyan ng pagkakataon. Ipinahayag ni Isagani:

> Opo, may nagtutulak sa kanilang mag-aral...Bukod sa tungkulin ng bawat isa na hanapin ang kaniyang kaganapan, may katutubong lunggati ang tao na linangin ang kaniyang talino. Isang lunggati itong lalong masidhi dito sapagkat higit na sinusupil. (*Fili*, Kabanata 27).

Sa pamamagitan ng tamang edukasyon mapapalitaw at mapapayaman ang likas na talino ng mag-aaral. Sa ganitong kapalagayan, ang pagkakaroon ng mahusay na edukasyon ay isang karapatan na hindi dapat ipagkait kaninuman.

Dapat gabayan ang indibidwal, partikular ang kabataan ng paaralan upang mapukaw ang interes at maunawaan ang konsepto ng edukasyon. Maisasakatuparan ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng motibasyon at inspirasyon. Gayundin kasabay nito ang paghimok upang hindi sila tamarin, manapa'y, patuloy na magsikhay sa pag aaral.

Ngunit nakita ni Rizal na may mga pagkakaiba na sa indibidwal na lebel. Mahihinuha ang pagtingin ni Rizal na "iba't-iba ang ugali ng mga kabataang estudyante" -- kung may mga masipag at matiyaga sa pag- aaral mayroon ding mga tamad at hindi seryo. May mga estudyante na ginugugol lamang ang oras sa pagsusulat sa kasintahan, pag-aaksaya ng oras sa bisyo, pagkukwentuhan o pang-iinis sa iba, at pag-iisip ng ibang bagay na labas sa kanilang pag aaral at may mga estudyanteng natutuwa sa pangkutya o pambubully ng mga mahina o ng mga kaya nilang inisin.

Mayroon ding mga estudyante na dahil sa takot na mapag-initan ng guro o maging tampulan ng paghamak at pagpapatawa ng guro ay napipilitang makibagay at makisama sa ugali ng kanilang guro at nakararaming estudyante. Maraming mga estudyanteng nagsisipagtapos ng mga kurso, na walang kalidad. Nangyayari ito dahil may estudyante na kuntento na masabing pumapasok sa paaralan, ngunit kulang naman ng natutuhan. Nakasalalay karaniwan, ang natatandaan ng ibang estudyante sa mga impormasyong kinakabisa, ngunit hindi gaano naiintindihan o alam kung paano mabisang magagamit sa mga aktwal na sitwasyon. Kaya't kulang karamihan ng mga estudyante ng mga kakayahang kailangan sa totoong buhay.

May mga estudyante rin na walang pakialam sa ikabubuti ng bayan. Malinaw na ipinakita ang ganitong ugali sa katauhan ni Basilio na bukod tanging ang iniisip makapagtapos ng pag-aaral, makapagtrabaho at makapag-asawa, ni ayaw niyang ipaghiganti ang pagkamatay ng kanyang kapatid at pagkabaliw ng kanyang ina. Tulad ni Basilio, kuntento na lamang sila sa pagbabasa ng mga aralin (*Fili*, Kabanata 23) at walang pag- aalala kung paano gagamitin ang natutuhan sa klase upang makatulong sa ikabubuti ng bayan.

Ngunit naniniwala si Rizal na may mga estudyanteng hindi mapipigil sa pag-aaral kahit hinahadlangan. Alam nila na sila ang dapat magdesisyon kung ano at kung paano sila magtatamo at ilaban ang tunay na edukasyon. Ngunit sa kabila nito, dapat patunayan nila sa kanilang sarili na karapat-dapat sila sa edukasyon. Banggit ng karakter na si Padre Fernandez sa *Fili*:

> Gusto ko ang siyensya para sa karapat dapat, sa may alam pag-ingatan ito," sagot ng fraile. "Kapag nakapagbigay ng pruweba ang mga estudyante na mahal ito, kapag nakitang may mga kabataang naninindigan, mga kabataang alam magtanggol ng kanilang karangalan at humihinging igalang ito, magkakaroon ng siyensya (*Fili*, Kabanata 27)

Sa kanyang mga isinulat malinaw na binanggit ni Rizal ang mga katangiang dapat taglayin ng isang indibidwal bilang estudyante. Ninanais niya na maging masikap at matiyaga sa pag-aaral ang mga estudyante. Sa pamamagitan ni Isagani, ipinamalas niya ang estudyanteng may tiwala sa sarili at hindi nangingiming magpahayag ng kaisipan at niloloob.

Marunong magpasya at handang lumutas ng problema ang mga mahuhusay na estudyante. Inaaalam at hinaharap ang dapat gawin sa bawat problema na kanilang hinaharap. Bilang katunayan, ipinakita ni Isagani ang ganitong katangian ng mga estudyante nang sabihin niya kay Kapitan Basilio, tagapangulo ng Konseho ng San Diego, na ginagawa nila ang lahat ng paraan upang matuloy ang kanilang proyektong pagtatayo ng akademya sa pamamagitan ng masusing pagplano at puspusang pagkilos upang malutas ang mga problemang kaakibat nito.

Gayundin, para kay Rizal, dapat marunong gumamit ng kanyang panahon ang mga estudyante. Binibigyan ng oras ng estudyante na malaman ang mga bagay, lalo na kung gusto niya ang aralin. Si Rizal mismo ang magandang halimbawa ng estudyante na mahusay gumamit ng oras- may panahon siya para sa pagbabasa, paglalaro, at sa iba pang mga hilig niya tulad ng pagpipinta, pagtugtog ng mga instrumentong pangmusika, paglilok, pagsusulat at pakikihalu-bilo sa mga kaibigan at sa iba pang tao. Sa huli, ang indibidwal bilang mag-aaral ang dinamikong nagpapasya sa kanyang kapalaran.

***Paaralan: Mga Pasilidad at Kagamitan, Guro at Pamamahala***

Para kay Rizal, sumasalamin ang pisikal na paaralan sa kalagayan ng lipunan. Katulad ng puna niya sa pangkahalatang kondisyon ng Pilipinas sa ilalim ng España, marami rin siyang nakitang kakulangan sa mga paaralan sa bansa. Dapat tugunan ang mga suliraning kaugnay ng kakulangan ng mga kagamitan sa paaralan upang magkaroon ng mahusay na edukasyon.

Inihayag niya ang pagmamalabis ng mga awtoridad sa mga gurong Filipino na humihiling ng maayos na pasilidad at kagamitan sa paaralan tulad ng nangyari sa guro sa Tiani. Maraming luma at

malaki ang kakulangan sa mga kailangang kagamitan at pinaparusahan ang sinumang pumuna nito. Nakalulungkot pang isipin ang pagbibigay prayoridad ng mga awtoridad sa pagsasaayos ng mga ibang bagay katulad ng sabungan kaysa sa paaralan. Pinuna niya ang mga paaralang pang-display lamang ang mga kagamitan at instrumento sa pag-aaral at hindi para gamitin ng klase (*Fili*, Kabanata 11). Maging ang mga librong dapat gamitin sa pagkatuto ay itinatanghal lamang, bukod sa kakulangan at kamahalan ng mga ito.

Maliban sa pisikal na katangian ng mga paaralan, ang guro ang isa sa elemento ng mahusay na paaralan. Tinalakay ni Rizal sa maraming bahagi ng kanyang mga nobela ang dalawang uri ng guro-- ang mabuting guro at ang masamang guro. Ang gurong Filipino sa Tiani at ang gurong prayle at opisyal na si Padre Fernandez ang kumakatawan ng ideyal na guro, samantalang ang ibang prayleng guro sa masamang guro.

Ang guro sa Tiani ang gurong may napakalaking dedikasyon sa pagtuturo at matinding malasakit sa kapakanan ng mga mag-aaral. Bilang guro, inaalam niya ang mga problema sa pagkatuto at pilit hinahanapan ng solusyon. Gumagamit din siya ng ibat-ibang paraan pang maging mabisa ang pagkatuto. Bukod sa paggamit niya ng lakas at talino, nagagasta niya pati sariling pera para lamang mapabuti ang pagkatuto ng mga tinuturuan. Tiniis niya ang pag-insulto at hindi hayagang tinutulan ang utos ng kura na gamitin ang pagpalo at pagpapakabisa sa mga estudyante ng mga libro at katesismong pangrelihyon. Naisip niya na baka lalong mapasama ang edukasyon ng mga bata kung lilisanin ang pagtuturo.

Inilarawan din ni Rizal si Padre Fernandez bilang gurong prayle na mahusay magturo at may malasakit sa mag-aaral. Siya rin ang uri ng guro na may bukas na isipan, may paggalang sa dignidad ng estudyante at nagtataguyod ng katarungan.

Binigyang-pansin din ni Rizal ang mga gurong hindi gumaganap ng kanilang tungkulin at sa halip ay gumagawa ng hindi nararapat gawin ng isang tunay at dedikadong guro. Sa pamamagitan ng kanyang mga akda, pinuna niya ang mga gurong prayleng Kastila

na iniiwasan, pinagtatawanan at hinahamak ang pagkatao at ang lahi ng mga estudyanteng katutubo. Pinasaringan din niya ang mga gurong tamad magturo na nagkakasya kadalasan sa nag-uutos sa isang estudyante na siyang manguna sa mga gawain sa klase, kung di man sadyang pinagtuturo (*Fili*, Kabanata 6).

Sa pag-uusap ni Isagani at Padre Fernandez, lakas- loob na sinabi ni Isagani na may mga guro na nagpupunla ng takot at nagtuturo ng mga kaisipan at mga lumang teorya at prinsipyo.

Bukod sa kasanayan at angking katangian ng mga guro, binigyan diin din ni Rizal, ang mahalagang papel ng mga namumuno sa edukasyon upang maisakatuparan ang pagkakaroon ng mataas at mahusay na edukasyon. Sa pamamagitan ni Isagani, binanggit ang malaki at mahalagang pananagutan ng mga tagapamahala ng edukasyon sa sambayanang Filipino at sa sangkatauhan, lalo na sa mga kabataan na: a) pagbutihin ang kaisipan at pangangatawan ng binhing kabataan, at b) sanayin silang matamo ang kaligayahan upang makalikha ng bayang marangal, maunlad, matalino, mabuti, dakila at tapat (*Fili*, Kabanata 27).

May mga opisyal na hindi makagawa ng mga angkop na solusyon sa mga problema sa edukasyon dahil na rin sa kawalan ng malasakit at katamarang mag-isip at kumilos. Isang halimbawa nito ang mungkahi ng ilang opisyal na gamitin ang sabungan bilang paaralan kapag walang sabong.

Gayunman, mayroon ding mga opisyal na may malasakit sa edukasyon ng mga Filipino. May nagmumungkahi ng pagbabago sa pamamalakad ng edukasyon at ipinagtatanggol ang karapatan ng mga estudyante sa mabuting edukasyon (*Fili*, Kabanata 11).

**Pamilya bilang Unang Lipunan**

Mahalaga ang papel ng magulang sa edukasyon ng mga anak. Madalas na sinasabi ng mga magulang na kahit gumapang sila sa hirap, gagawin nila ang lahat mapag-aral lamang ang kanilang mga anak. Handang magtiis at magpakahirap ang magulang para lamang makapag-aral ang kanilang mga anak.

Makikita ang temang ito sa mga nobela. Magandang halimbawa nito si Don Rafael Ibarra sa *Noli*; kahit kaisa-isang anak si Crisostomo at bagamat nagdanas siya ng katakut-takot na hirap, nakuha niyang magtiis upang makapagtapos ng pag-aaral si Crisostomo sa Europa. Pinatotohanan din sa *Fili* ni Kabesang Andang, ina ni Placido Penitente, na nagtipid nang husto at namanata upang maging maayos ang pag-aaral ng anak; siya rin ang gumawa ng lahat ng paraan upang makumbinsi ang anak na bumalik sa klase, matapos itong lisanin ang klase dahil sa matinding galit sa propesor na umalipusta sa kanya.

Maging ang personal na karanasan ni Rizal ay patunay sa pagsusumikap ng pamilya na itaguyod ang kanyang pag-aaral. Noong kanyang kabataan, matatandaang itinaguyod siya ng kanyang mga magulang sapul sa pagkabata nang mag-aral siya sa Maynila at nang lumaon sa ibang bansa, tinustusan naman siya ng kanyang Kuya Paciano at mga kapatid. Sa mga araw na gahol siya sa pananalapi sa Espanya habang nagsusunog ng kilay, nagtitiis siya sa matinding lamig at halos di kumain, maliban sa tinapay at pag-inom ng kapeng laging iniinit upang labanan ang gutom.

**KONKLUSYON**

Sa pagtahak sa pilosopiyang pang-edukasyon ni Rizal, napalitaw ang isang pananaw buhat sa isang dakilang tao. Bukod sa tahasang mababanggit na ang paaralan at lipunan ay may tuwirang kaugnayan. Nasa sa atin rin ang ugat at resulta;tayo ang lumilikha ng ating lipunan. Sa mga paaralan hinuhubog ang lipunan. Pinanindigan ni Rizal na ang edukasyon ang tanglaw at ang mag-aaral ang may tangan nito. Dapat maghangad ang edukasyon sa mga tao ng lubusang pagsisikap para sa pagpapaunlad ng kanilang sariling buhay, pamumuhay at kinabukasan.Ito ang itinuturing na mahalagang saligan ng isang lipunan tungo sa pagsulong at pag-unlad nito, manapa'y ang tanging kalasag ng isang indibidwal upang mapayabong at paunlarin ang sariling buhay at pamumuhay sa hinaharap. Ito ang naglilinaw sa kakayahan ng edukasyon na buksan ang liwanag sa kaisipan ng mga humahamak o nagmamaliit sa kaugalian.

**TALASANGUNIAN**

Almonte, N. (2009). *Rizal is My President: 40 Leadership Tips from Jose Rizal.* Pasig City: Organizational Change Consultants International Center for Learning, Knights of Rizal, Advocacy for Patriotic Leadership.

Baron- Fernandez, J. (1981). *Jose Rizal: Filipino doctor and patriot.* Manila: Manuel Morato.

Coates, A. (1968). *Rizal, Philippine Nationalist and Martyr.* Hong Kong, Oxford University Press

Guerrero, L.M. (1963). *The first Filipino: A Biography of Rizal.* Manila: National Heroes Commission.

Joaquin, N. (1996) *Rizal in Saga A Life for Student Fans*. Philippine National Centennial Commission, Rizal Martyrdom Centennial Commission and GMA Foundation, Inc.

National Historical Institute. (1992) *Miscellaneous Correspondence of José Rizal.* Manila: National Historical Institute.

Osias, C. & Derbyshire, C. Tr. (Eds) (1921) Rizal and education. Manila: Mission press, 1921.

Quibuyen, F. (2011) *Rizal's Legacy for the 21st Century: Progressive Education, Social Entrepreneurship and Community Development in Dapitan*. Social Science Dilliman 7(2), 1-29.

Rizal, J. (1891). *El Filibusterismo*. Salin sa Filipino ni Maria Odulio de Guzman (1960). Manila: National Book Store.

Rizal, J. (1891). *El Filibusterismo*. Salin sa Filipino ni Virgilio S. Almario (2011). Lungsod Quezon: Ibong Adarna House.

Rizal, J. (1959). *One Hundred letters of Rizal*. Manila: Philippine National Historical Society.

Rizal, J. (1961). *The Rizal- Blumentritt correspondence,* Volumes I and II. Manila: Jose Rizal National Centennial Commission.

Rizal, J. (1961). *Escritos de Jose Rizal, Tomo VII: Escritos Politicos e Historicos*. Manila: Comision Nacional del Centenario de Jose Rizal.

Rizal, J. (1961). On the indolence of the Filipinos. In *Historical and Political Writings of Jose Rizal*. Manila: Jose Rizal National Centennial Commission.

Rizal, J. (1963). *Rizal's correspondence with fellow reformits, 1882-1896.* Manila: National heroes Commission.

Rizal, J. (1964) *Letters between Rizal and family members.* Manila: National Heroes Commission.

Rizal, J. (1977). Reminiscences and Travels. National Historical Institute. Manila: NHI

Rizal, J. (2011) "The Town Schools in the Philippines" in *Jose Rizal miscellaneous writings.* Manila: National Historical Institute of the Philippines

Zaide, G. & Zaide S. (Eds) (1999) *José Rizal: Life, Works and Writings of a Genius, Writer, Scientist and National Hero (Centennial Edition).* Manila: All-Nations Publishing Co. Inc.